



# COUNTY NG SAN DIEGO

## MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN  
Ika-26 ng Oktubre, 2018  
Kontak: Juanito R. Amor Jr. (858) 505-7257

### MGA ARAW MULA SA IKA-6 NG NOBYEMBRE NA ELEKSYON, KAILANGAN PA RIN NG MGA MANGGAGAWA SA BOTOHAN

Ang Gubernatoryal na Pangkalahatang Eleksyon ay sa Martes, Ika-6 ng Nobyembre at ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay nangangailangan pa rin ng mga manggagawa sa botohan sa buong county. Mga bilingguwal na mga manggagawa sa botohan na bihasa sa English at isa o higit pa sa mga sumusunod na mga wika ang kinakailangan sa mga lungsod na ito at kapitbahayan.

**Arabic:** El Cajon

**Korean:** Carmel Valley, UCSD, UTC

**Chinese:** Carlsbad, Clairemont, Downtown, Escondido, Linda Vista, Middle Town, Mission Hills, Mira Mesa, Normal Heights, North Park, Poway, Rancho Bernardo, Rancho Peñasquitos, Rolando Redwood, Scripps/Pomerado, Serra Mesa, UTC, Vista

**Filipino:** Bonita, Carlsbad, Chula Vista, Eastlake, El Cajon, Escondido, Oceanside, Imperial Beach, National City, Nestor, Otay, Spring Valley, Southeastern San Diego, Vista

**Spanish:** Bonita, Chula Vista, Eastlake, Imperial Beach, National City, Otay, Southeastern San Diego

**Vietnamese:** Carlsbad, Carmel Valley, Chollas Park, Chula Vista, City Heights, Encanto, Clairemont, Eastlake, El Cajon, Encinitas, Encanto, Escondido, Fallbrook, La Mesa, Lakeside, Lemon Grove, Linda Vista, Mira Mesa, Montezuma, Normal Heights, Oceanside, Otay Ranch, Poway, Rancho Bernardo, Rancho Peñasquitos, Rolando Redwood, San Carlos, San Marcos, Scripps/Pomerado, Serra Mesa, Chula Vista, San Ysidro, UTC, Vista

Ang mga manggagawa sa botohan ay makakatanggap ng stipend mula \$100 hanggang \$175 depende sa trabaho. Sa mga manggagawa na bilingguwal ay makakatanggap ng karagdagang \$15 kung sila ay naatasang magbigay ng tulong sa wika sa mga botante. Ang mga manggagawa sa botohan ay dapat rehistradong mga botante sa California o dapat permanenteng naninirahan sa Estados Unidos at may transportasyon papunta sa kanilang itinalagang lugar ng botohan. Kakailanganin din nila na may akses sa internet upang kumpletuhin ang online training at pumunta sa dalawang-oras na klase.



# COUNTY NG SAN DIEGO

## MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN  
Ika-26 ng Oktubre, 2018

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay inatasan ng Pederal na Batas na maglagay ng mga bilingguwal na ispiker at mga materyales sa pagboto para sa mga botante na nagsasalita ng Spanish, Filipino, Vietnamese at Chinese. Isang survey na isinagawa ng Unibersidad ng California, Berkeley ang nagpakita ng pangangailangan para sa mga nagsasalita ng Arabic at Korean sa hindi lalampas sa 90 mga presinto kaya ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagrerekrut din ng mga manggagawa sa botohan na bilingguwal sa mga wikang iyon para sa eleksyon sa Ika-6 ng Nobyembre. Kung kayo ay bilingguwal sa kahit ano sa anim na espesipikong mga wika, ang Tagapagrehistro ay humihiling ng inyong tulong sa eleksyon. Ang mga inaasahang manggagawa sa botohan ay maaring mag-aplay online sa [www.sdvote.com](http://www.sdvote.com). Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (858) 565-5800 o mag-email sa [Pollworker@sdcounty.ca.gov](mailto:Pollworker@sdcounty.ca.gov).

###

COUNTYNEWSCENTER  